Republic of the Philippines
OFFICE OF THE CITY PROSECUTOR
Taguig City

Susan <ilagay ang buong pangalan bilang concerned citizen na nakakita ng pagmamaltrato o pabaya ng pet owner>
Xxxx Eastwind Street
Maysapang
(Levi Mariano C-5)
Brgy. Ususan
Taguig City
Complainant,

- versus-

I.S. No. _____
For pet neglect -VIOLATION OF RA 8485 or "THE ANIMAL WELFARE ACT" and VIOLATION of RA9482 or "THE ANTI-RABIES ACT"

Mxxxxxx <ilagay ang buong pangalan ng neglectful pet owner>
Xxx Eastwind Street
Maysapang
(Levi Mariano C-5)
Brgy. Ususan
Taguig City
Respondent

x - x

COMPLAINT AFFIDAVIT

Ako si Susan **<ilagay ang buong pangalan bilang concerned citizen na nakakita ng pagmamaltrato o pabaya ng pet owner >**, nasa hustong gulang, matapos manumpa ayon sa batas, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

1. Ako po ay nakatira sa Xxxx Eastwind Street, Maysapang (Levi Mariano C5), Barangay Ususan, Taguig City.

2. Ako po ay may kapitbahay, na ang pangalan ay **M <ilagay ang buong pangalan ng pet owner>**, nasa hustong gulang, nakatira sa **XXXX Eastwind Street, Maysapang (Levi Mariano C5), Barangay Ususan, Taguig City.**

3. Si Mxxx ay may isang asong babae, kulay *beige* at itong asong ito ay pinangalanan ko na lamang na "Shella".

4. Alam kong aso nina Mxxxx si "Shella" sa kadahilanang pinakita nila si "Shella" sa akin noong nakaraang taon noong ito ay tuta pa lamang at sinabing kakakuha lamang nila sa naturang tuta. Maayos pa ang pangangatawan ng tuta noong mga araw na yun.

5. Noong mga sumunod na buwan ay napuna ko na nasa labas na ang asong si "Shella", marami na itong garapata.

6. Noong unang linggo ng Marso 2013 ay hindi na mapagkakaila na malala na ang pagpapabaya na ginawa ng may-ari kay "Shella" dahil napansin ko ang pagdami ng sugat sa kaniyang katawan at ang pamamaga ng kaniyang paa sa

harapan. Malaki din ang ipinayat ng aso at napansin ko na napakabaho na nito at napakatamlay.

5. Pinabayaan na ni Mxxxxx si "Shella" na pagala-gala sa kalye. Ni minsan ay hindi ko nakitang pinakain o binigyan ito ng tubig nina Maysan. Napansin ko ring kung saan-saan lugar sa labas na lamang natutulog sa gabi ang naturang aso.

6. Kinausap ko si Mxxxx tungkol sa kaniyang aso at sinabihan na pakainin niya ito at bigyan ng karampatang lunas ngunit hindi niya ako pinansin.

7. Patuloy na lumala ang kondisyon ng aso. Dumami pa ang sugat sa balat at sobrang namayat ito. Matindi ang paghihirap ng aso. Nitong Abril 2013 ay halata na hirap na itong tumayo at maglakad at lagi ko itong nakikitang naghahanap ng pagkain sa daan at sa basurahan.

8. Wala akong duda na ang naturang kondisyon ng aso ay dahil sa pagpapabaya ng may-ari na tuluyan na siyang inabandona. Personal kong nakita kung paano lumala ang kondisyon ng aso. Sinikap kong pakainin ito tuwing nakikita ko, ngunit nangangailangan na itong matignan ng beterinaryo.

9. Noong ika-15 ng Abril ay dumulog ako sa Barangay Hall ng Ususan, at nakausap si Kagawad Hernandez tungkol sa nangyayaring pagpapabaya at pagmamalupit sa asong si "Shella". Sinabi ni Kagawad Hernandez na pupunta ang isa sa mga opisyal ng Barangay upang imbestigahan ang aking reklamo. Iniwan ko ang isang sulat, kasama ang aking pangalan at address. Ngunit hindi na naaksyunan ang aking dulog.

10. Tumawag na lamang ako sa Philippine Animal Welfare Society o PAWS upang humingi ng tulong noong ika-24 ng Abril 2013. Pumunta ako sa kanilang opisina ng ika-27 ng Abril 2013 upang humingi ng *legal* at *veterinary assistance.*

11. Sa tulong ng PAWS, kinuha namin ang asong si "Shella" at pinatignan sa Shelter Veterinarian ng PAWS na si Dr Wilford Almoro. Nakalakip ang Veterinarian's Certificate mula kay Dr. Almoro ng PAWS tungkol sa kondisyon ng aso at ito ay naka-marka na **"ANNEX A".**

12. Humiram ako ng CANON camera mula sa opisina ng PAWS at kinuhanan ko ng litrato ang asong si "Shella" habang siya ay chine-check-up. Nakalakip ang mga litrato ng napabayaang aso bilang **"ANNEX B"**.

13. Ako ay naghahain ng reklamo laban kay **Mxxxxx** upang siya ay isakdal sa salang paglabag sa **REPUBLIC ACT 8485 – THE ANIMAL WELFARE ACT** sa pagpapabaya at pag-abandona sa kanyang aso at sa paglabag sa **REPUBLIC ACT 9482 – THE ANTI-RABIES ACT OF THE PHILIPPINES** dahil sa pinabayaan nilang pagala-gala ang aso sa pampublikong lugar kung saan isang seryosong health risk sa publiko ang asong maysakit.

SUSAN <ilagay ang buong pangalan>
Complainant-Affiant

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this _____th day of _____, 2013 at Taguig City, Metro Manila, Philippines. I FURTHER CERTIFY that I personally examined the complainant and that he freely and voluntarily executed the same.